Vancouver Community College

Pagpapaunlad ng Programa sa Pagpaplano ng Vancouver Community College (VCC)

Sa kahilingan ng VCC, ang Lungsod ng Vancouver ay lumilikha ng **mga bagong patakaran sa pagpaplano na partikular sa site** upang gabayan ang muling pagsosona at muling pagpapaunlad ng VCC Broadway Campus sa hinaharap. Susuportahan ng gawaing ito ang **pangmatagalang pagpapanibago ng mga pasilidad pang-akademiko** at introduksiyon ng **mga bagong paggagamitan** kabilang ang mga tindahan, serbisyo, at pabahay.



Ang layunin ng yugtong ito ng pakikipag-ugnayan ay makuha ang inyong feedback sa draft na konsepto ng muling pagpapaunlad ng site at mga direksiyon ng patakaran. Ang mga opinyon ng publiko mula sa yugtong ito ng pakikipag-ugnayan ay gagamitin upang makatulong sa paghubog ng draft na mga direksiyon ng patakaran at pinuhin ang nais na konsepto ng muling pagpapaunlad para sa site.

Para sa karagdagang impormasyon: shapeyourcity.ca/vcc-plan

Broadway Campus Site


Ang site na ito ay pinaliligiran ng East Broadway sa timog, East 6th Avenue sa hilaga, Glen Drive sa kanluran, at Keith Drive sa silangan. May mga umiiral at ginagawa pa lamang na gusali ngayon sa loob ng kampus.

- Kasalukuyang ginagawa





- Gusali ng Health and Sciences, binuksan noong 2009
- Nilayong pangalagaan









- Kasalukuyang gusali ng kolehiyo, binuksan noong 1983
- Nilayong muling i-develop sa hinaharap


Draft na Konsepto ng Muling Pagpapaunlad ng VCC

Ang Lungsod ay humihingi ng komento sa mga pangunahing elemento ng draft na konsepto ng muling pagpapaunlad ng kampus ng VCC at draft na mga direksiyon ng patakaran ng Lungsod. Ang mga ito ay binuo nang may pakikipagtulungan ng VCC applicant team at ng Lungsod, batay sa mga konsiderasyon sa pagpaplano at mga natanggap na input mula sa publiko at mga stakeholder.

Ang konsepto ng site at mga direksiyon ng patakaran ang gagabay sa pangmatagalang muling pagpapaunlad ng kampus. Ang mga ito ay magbibigay ng balangkas para sa paglago sa hinaharap, kabilang ang pangkalahatang lokasyon ng mga uri ng gusali at paggagamitan, mga pampublikong bukas na espasyo, mga koneksiyon, at iba pang mahahalagang katangian ng site.

Mga Paggagamitan ng Lupa, Mga Taas ng Gusali, at Disenyo


- Tinatayang **2 milyong talampakang parisukat** na lawak ng espasyo sa buong kampus, kabilang ang **1.3 milyong talampakang parisukat ng pabahay**
- Ang mga taas ng gusali ay tinatayang nasa pagitan ng **25 at 40 palapag**
- Netong pagtaas ng mga espasyong pang-edukasyon ng VCC
- Ang mga lebel sa ground floor ay ia-animate ng mga aktibong paggagamitan, kabilang ang mga pasilidad pang-edukasyon, tindahan, mga serbisyo, at mga amenidad
- Ang mga pasilidad pang-edukasyon ay matatagpuan sa hilagang bahagi ng kampus, mas malapit sa VCC-Clark Istasyon
- Huwarang arkitektura at disenyo Iwasan ang mga bagong anino sa mga kalapit na parke
- Iwasan ang mga bagong anino sa mga kalapit na parke



Dayagram ng draft na konsepto ng muling pagpapaunlad ng VCC, na nagpapakita ng mga gusali at paggagamitan

Mga Pampublikong Espasyo

- Tiyaking ang pampublikong lugar at mga bukas na espasyo ay **nakakaengganyo, inklusibo**, at **naa-access** ng mga tao sa lahat ng edad at kakayahan.
- Gumawa ng serye ng **mga bagong pampublikong espasyo** sa site para sa pagtitipon, pakikisalamuha, libangan, mga puno at pagtatanim, at pampublikong sining. Kasama sa mga bagong pampublikong espasyo ang:
    - Isang **"Central Spine"** sa loob ng kampus
    - Isang sentral na pampublikong bukas na espasyo sa site na nagsisilbing **"Puso ng Komunidad"**
    - **Mga liwasan ng pagdating** sa magkabilang dulo ng central spine
- Tuklasin ang mga paraan upang makilala ang makasaysayang **China Creek** sa kampus



Plano na naglalarawan ng central spine at puso ng komunidad




Plano na naglalarawan ng central spine at puso ng komunidad



Isang mataas na terasa sa Broadway ang nagbibigay ng espasyo para sa pagtitipon at pagtitinda

Transportasyon at Sirkulasyon

- Magbigay ng komprehensibong panloob na network ng direktang, walang harang na mga **koneksiyon para sa mga naglalakad** sa site.
- Lumikha ng **north-south "central spine"** para sa mga naglalakad na madaling puntahan ng publiko at kumokonekta sa East 6th Avenue at Broadway.
- Lumikha ng **bagong east-west na koneksiyon** para sa mga naglalakad sa buong site, kalinya ng East 8th Avenue.
- **Palawakin ang mga bangketa** na nakapalibot sa kampus at **pabutihin ang mga koneksiyon para sa paglalakad, pamimisikleta, at paggamit ng mga de-gulong na kagamitang panggalaw** ayon sa mga pamantayan ng AAA (All Ages and Abilities).



Movement map showing the accessible connections

Pabahay



- **Mga bagong oportunidad sa pabahay,** kasama ang mga opsyon sa pabahay na presyong-merkado at abot-kaya na nagsisilbi sa iba't ibang uri ng sambahayan, hindi lamang sa mga estudyante
- I-target ang **hindi bababa sa 20%** ng pabahay sa kampus na maihatid bilang **abot-kayang pabahay**, alinman sa pabahay panlipunan na pinatatakbo ng isang non-profit o paupahang pabahay na sadyang itinayo at uupahan nang mas mababa sa presyo sa merkado
- Magsuri ng mga pagkakataon upang gawing priyoridad ang mga bahagi ng bagong pabahay sa kampus para sa mga miyembro ng Musqueam, Squamish, at Tsleil-Waututh Nations

Pagpapanatili at Mga Utility



False Creek Neighbourhood Energy Utility

- Dapat matugunan o malampasan ng mga bagong gusali ang mga pamantayan para sa mga emisyon sa gusali kapwa sa panahon ng konstruksiyon at para sa mga operasyon
- Ang disenyo ng site at mga gusali ay dapat na **matatag** sa pagbabago ng klima, mga pangyayari sa matinding panahon, at mga sakuna
- Isang bahagi ng site ng kampus ang ilalaan
- para sa isang sentro ng **pagbuo ng enerhiya** mula sa waste heat sa hinaharap, na lilikha ng karagdagang kapasidad para sa Neighbourhood Energy Utility (NEU) ng Lungsod
- Bagong **canopy ng puno, pagtatanim**, at ibang **mga likas** na **elementong** makatutulong na mabawasan ang mga epekto ng urban “heat island” at makapag-ambag sa ekolohiya at biodiversity


Mga Pampublikong Amenidad



- I-target ang **hindi bababa sa 20%** ng lahat ng bagong pabahay na maihatid bilang pangmatagalang **abot-kayang pabahay**
- Suriin ang mga pagkakataong magbigay ng isang bagong **pasilidad para sa pangangalaga ng bata** sa kampus
- Maghanap ng mga oportunidad para sa mga organisasyong non-profit o mga grupo ng komunidad na magamit ang mga pasilidad pang-edukasyon kapag hindi ginagamit ng VCC ang mga ito
- Bagong pampublikong espasyo sa loob ng kampus

Ang Potensyal na Kinabukasan ng Kampus

Ang mga larawang ito ay para sa layuning paglalarawan lamang, naglalayong ipakita sa konsepto ang kampus na maaaring muling paunlarin sa hinaharap. Hindi pa ito mga pinal na disenyo.



Pasukan at liwasan ng pagdating ng Great Northern Way



Building massing na ipinapakita mula sa Broadway malapit sa Keith Drive

Proseso ng Pagpaplano

Itong proseso ng pagpaplano ay magbibigay-impormasyon sa balangkas ng patakaran ng Lungsod para sa VCC Broadway Campus na isasaalang-alang ng Konseho sa 2027.

Narito kami

Magbigay ng Input Ngayon!

Ibinabahagi namin ang draft na mga direksiyon ng patakaran ng Lungsod at ang draft na konsepto ng muling pagpapaunlad ng site ng VCC para sa Broadway Campus. Inaasahan namin ang inyong feedback!

Paglulunsad ng proyekto at pangangalap ng impormasyon

Oktubre – Disyembre 2025

Bumuo ng draft na mga prinsipyong gabay at mga opsiyon sa plano ng site

Enero – Abril 2026

- Ang mga kawani at aplikante ay bubuo ng draft na mga prinsipyong gabay
- Tutukuyin ng mga kawani ang mga opsiyon para sa paggagamitan ng lupa, taas at disenyo ng gusali, mga pampublikong bukas na espasyo, at transportasyon

Pakikipag-ugnayan sa publiko #1 – Mga unang direksiyon at konsepto ng plano ng site

Mayo – Hunyo 2026

- Inaanyayahan ang publikong magbahagi ng feedback sa draft na mga gabay na prinsipyo at mga unang konsepto sa pagpaplano ng site

Pagpino ng konsepto ng plano ng site

Hunyo – Oktubre 2026

- Pipinuhin ng Lungsod at aplikante ang mga direksiyon at gagawa ng draft na konsepto ng plano ng site batay sa input mula sa publiko, komunidad, at mga stakeholder
- Ang Lungsod ay magdadraft ng mga direksiyon ng patakaran para sa iba't ibang mga paksa, kabilang ang mga paggagamitan ng lupain, pabahay, at mga pampublikong amenidad

Pakikipag-ugnayan sa publiko #2 – Nais na konsepto at mga draft na patakaran

Nobyembre 2026

- Inaanyayahan ang publiko na magbahagi ng feedback sa nais na konsepto ng plano ng site at draft na mga direksiyon ng patakaran

Tapusin ang mga patakaran at mag-ulat sa Konseho

Q1 2027

- Tatapusin na ng lungsod ang plano at mga patakaran ng site
- Isasaalang-alang ng Konseho ang na-update na master plan at mga patakaran ng VCC, at ang iminungkahing susog sa Vancouver ODP

Pagsusumite ng aplikasyon sa rezoning

TBD (tutukuyin pa)

Ibahagi ang inyong mga saloobin tungkol sa draft na konsepto ng site redevelopment at mga direksiyon ng patakaran para sa Vancouver Community College Broadway Campus!

Paano KAYO makakasali?

Punan ang survey:
Nang personal sa isang kaganapan, online, o sa pamamagitan ng koreo sa isang papel na kopya

Matuto nang higit pa sa pamamagitan ng pagbisita sa shapeyourcity.ca/vcc-plan

Mag-sign up sa email list para makatanggap ng mga update sa proyekto

Makipag-ugnayan sa team na namamahala sa proyekto sa vvcplan@vancouver.ca

Kumpletuhin ang aming survey hanggang Disyembre 8, 2026

